Aní Francis E. Woodruff (ng Morristown, N. J. Je. 7, 1904): "Pagkatapos na náitatag na ganyan ang autonomya, ay mangyayaring magalinging lubos sa ibang panahon ng dalawang bansang iyan (ng Estados Unidos at ng Pilipinas) na magsariinlan at maging magkaibigang magkasundó; nguni't sa kasalukuyan, maliban sa ilan ay tila minamagaling ng mga tao ng dalawang bansang iyan ang autonomya." (N. Y. Ev. Post).

Aní Dr. Frank Crane: "... Ang ating pangangasiwá ay hindi hugnusing kalayaan doon sa malayong lupaing yaon. Hindi tumututol sa pagsasarili ng pamamahala; sinisikap lamang mapagtibay ang isang kalagayan ng kapayapaan doon na siyang ikapangyayari ng pagsasarili ng pamamahala.... Subali, ang pamahalaang amerikano ay may kapangyarihan; nároon sapagka't alang-alang sa karangalan ay di makaiwas doon. Ng máiwassak na ang nananagutang pamahalaan sa kapuluang yaon ay tinungkol natin ang pagtatatag at pagpapanatili ng kanayapaan hanggang sa máitatag ang ibang pamahalaang mananagutan". (Pulnit editorial).

Anáng Kgg. P. Thomas P. Hodnet: "Ang nanganghihimagsik ay dapat mangagbitiw ng kanilang almas. Hindi nangaukol sa pamaha-

laan. Ang paglalabanán ng iba't ibang pook ay siyang bahale sa pagalis ng aming mga kawal. Kami'y may sapat na lakas, may sapat na laki at may sapat na karunungan upang mamahala ng aming sariling mga bagay". (Chicago Record May 8, 99).

Anáng Kongresista Dollar ng Iowa: "Marurungis na mga amerikanong hamak yaong mga taga Chicago na titiwalá sa kalayaan ng sangkatauhan sa pagtatanghal ng isang watawat ng republika ng Amerika.

Anáng Boston Transcript: "Kung tatanawin ang kasalukuyang ikagagaling ó ikagiginghawa ng Pilipinas ay mananais na ang "bilí" ay dapat pasiyahan, ó kaya'y ang bahagi niyan na may kinalaman sa taripa ng mga kalakal ng Pilipinas.

(*Ipagpapatuloy*)

## Sa tangi kong paraluman

(*Kay Pinang.*)

Ewan ba kung bakit ang sariling hagar lagi nang hantungan ang kiyas mong ingat; ewan ba kung bakit sa tuwi'y pangarap ang kayumihan mo, hinhin, ganda't dilág.

Ano man ang aking gawin at tunghin, piliting mawalay sa puso't panimdim, ay di rin mangyari't ikaw at ikaw rin, ang kagandahan mong tungo ng isipin.

Kahi't natutulog ay nágugulantang at napapangarap iyang kayumihan; paanong di gayo'y iiglip na lamang ay ikaw pa rin ngá yaong dinuduklay.

Nagtatapat ako dalagaug butihin na ito'y laon nang sa puso'y nátanim at kung kayá lamang tikis inilihim sa pangambang baká iyong masamain.

Ito ngá't di iba ang naging dahilan kung kaya't ngayon lang aking pinamalay, at ang pangalawa'y ang ariing sinsay sa pagsasamahang wagas at dalisay.

Ano pa't ang aking kalagayan ngayon ay tulad sa isang barkong inaalon; sa gitná ng dagat, panganib, linggatong; sa lakas ng unos, maurog masulong.

Iyan ngá ang aking mistulang larawan ibig na magsabi ay natitigilan, kung hindi masabi'y aking kamatayan ... Anong pagkahirap niyaring kabuhayan!

Nangaugakó akong akin titiisin at ang pag-ibig kong ito'y titimpiin, subali't ang samo'y kundí na maatim itulot na sanang sa iyo'y idaing.

Sa wakas ngá nito'y tanging kasamuan na maging loob mong ako ay pakamtan ng lalong maayos, iyong kasagutan na aking ligaya't pangduktong sa búhay.

ITA. H. LAWUL.

### LOS FILIPINOS

1011-1013 San Fernando,  
MAYNILA, K. P.

Malugod naming ipinatatalastas sa inyo na kami'y nagbibili ng Cemento, ng mga putol ng bakal, ng mga planchang bakal na galbanisado, ng mga pako, ng mga bisagra, ng mga pasador, ng mga serradura, ibp.

Mariano Lim Manapat, Gerente.

# ¡Kayo'y magdilidili!

Sadyang pahatid sa PATNUBAY NG BAYAN

Samantalang ang tao'y nagiging marangal at nakatutuklas ng ginghawa sa buhay, samantalang ang hihigan ay ginto't pilak; samantalang siya'y nagiging panginoon ng mga api sa kabuhayan, ay bagkus namang nagiging masagwa at kapulapula sa mata ng tao ang mga kilos at pagpapalagay.

Saksi ang samantalang pinamamahayan ng mga api at dukha; saksi ang panahong nagdaan at ang mga nadadama sa ngayon sapagka't nariyan at malasin; dinggin ang mga daingan ng mga lalong api, ang mga napapasakop sa tagitang ng salapi; kung di nga maddidinig ang nakapanglulumong panag-hoy at mga pagsumbat sa pinanggalingan.

Damihin nating sumandali ang kapalaran ngayong tinatalaktak ng mga sawi at api-apihan. Pakiinggan, huluin, kungdi ang lalong may matigas na puso'y babalungan ng mga luhang nagpapakilalang sila'y nahahabag.

At lalong pagkurukuruin, ang mga suliraning sa bawat lakad ng panahon ay magpapakilalang may mahiwagang nagiging bunga: at dahil sa mga paraang ito, dahil sa inasasal ng mga malalaki, na nangyayaring iguhò ang sangkatauhan, patayin ang lalong may banal na hangarin sa ikalalaya ng kanyang bayan: iliblib sa lusak na kabuhayan, ang may malinis na pamumuhay, sa pamamagitan ng bisà ng salapi, at waring nagpapatunay sa mga nangyayari: at sa ganitong pangyayari, "ay kayo'y magdilidili!" alalahanin ang araw ninyo kahapon iyang araw na pinagdasanan rin ninyo ng kaalipinan at kasalatan sa buhay; malalaki kayo ngayon, nguni't kahapon ay taas ang noo naming magsabing kayo'y lalong maliit at sinisiktot-siktot ng lalong



## G. PEDRO MADLANGBAYAN

Kilabot na magbalita ng Sariaya at Candelaria Tay. Kasalukuyang kapahatiran sa mga bayan ding iyan ng Consolidacion Nacional at Pagkakaisa ng Bayan, isa sa mga may-ari ng Farmacia Candelaria, sa bayang Candelaria, at siyang kaunang unahang nagtatag ng Farmacia sa bayang ito, at sa katapusan, ay iyan ang nagkakanlong sa mga pamagat na: POMPEIA, TAGA CANDELARIA SUSONG BARAGAN, isang taong tapat at iba't iba pang di maalaala ngayon.

na tadhanang itong sa ngayon ay mapait naming pinagtatamanan.

At naalala ninyo ang inyong kabuhayan sa araw ng kahapon? Nariya't sariwang sariwa pa. At kung inyong nalilimot na, ay naito at iguguhit ko; upang ang naghahari ninyong pang-aalipin at pagdusta sa amin, ay makapagpilitaynilay.

Kami ay inalipin, pinagawa ng mga itabubuhay ninyo, na siya ninyong nagdan ngayon sa mga araw na ito; inupahan, nguni't upang di

nakaririwasa sa inyo.

Ano't nag-uugali kayo sa mga araw na ito, ng ugaling karimarimarim sa mata ng sangkatauhan? Ano't nagiging ligaya na ninyo sa ngayon na kaming mga sawi ay paratangang "Mga tamad, mga Salarin at Masisiba"?

Kayo'y maghunos-dili, hwaag kayong kabibigla. Araw ninyo ngayon na kayo ay mariwasa, at araw amin ngayon na kami ay alipin at sakop, datapwa't mangyayaring dumating ang araw na tayo'y magpalit. At iyan, ang kaginhawahan ng mga api sa ngayon.

Balikan ninyo ang mga pangyayari ng unang dako, balikan ang araw kahapon sa inyo'y nagpapagunita na kayo'y mahibirap at alipin din, at madadanasan ninyo, kung gano kabisig ang pasan nating inyong ipinararatang sa amin sa ngayon.

Matapos na kami ay pasasaan ninyong sipspan ng lakas, matapos na kami ay dumulang ng inyong kaginhawahan at krayamanan; ay naito naman ang minabuti ninyong iganti sa amin.

Ang malinaw nating pawis, na pinatulò, ang init ng araw na tinitis nating sumunog sa aming mga balat, at ang lahat ng sagabal sa buhay, na aming-pilit na miyap sa pag-asang hindi sasapit ang kakitakitabot



karampatan sa pagod, at ang lahat ng bagay na salansang sa mga astituntunin ng katwiran at pagkakapantaypantay.

Ang lahat ng ito, at iyan nga, ang siya nin-yong larawan kahapon. Kaya't kayo'y magdili-dih at hwag namang kahalampas sa pagsasama-ban at pagpapalagayan.

*Pedro Madlangbayan.*

Candelaria, Tarabas.

## Mga kawikaan ng mga taga-Arabya

Tinagalog ni M. Banting

(Karugtong)

Hwag mong ipalagay na ikaw ay tao samantalang ikaw ay nagagalit.

Ang tao ay isang kababayang ginawa ng Dyos, siya na nagwawasak sa bahay ng Dyos, sa parurusahan.

Ang kaingitan ay sumisirá sa tao, gaya ng kalawang sa bakal.

Ang taong tamad kaylan ma'y di nagtatagumpay sa buhay.

Ang ulo ng isang taong tamad, ay ang pagawaan ni Satanas.

Ang mabuting tao ay ang nakakakita sa sarili niyang kamalian, datapwa't bulag sa kamalian ng iba.

Walang taong hindi nagkakamali.

Sa lahat ng ahas, wala ni isa man na mabuti.

Ang mata ng nangingibig ay bulag.

Ang mga babae ay ang mga silò ni Satanas.

Ang mga batà ay isang kaloob mula sa Dyos.

Ang iyong kapatid ay yaong nakikibahagi sa iyong mga kapahamakan.

Ang kaibigan ay nakikilala sa panahon ng kapansanan.

Ang madalas na pagdalaw ay nakasasawa sa mga kaibigan, at ang pagdalaw na madalang ay kulang sa nararapat sa magkaibigan.

Ang isang matanda sa gitna ng kanyang bayan ay gaya ng isang propetang mula sa Dyos.

Siyang nabubuhay sa mga pag-asa—ay mamamatay sapagka pulubi.

Maging alipin ka ng katotohanan—ang alipin niya ay malaya.

Ang mundong ito ay pulot at lason na magkahalò—isang katwaan na may kahalong kalungkutan.

Kung ikaw ay walang malay—magtanong; naliligaw—bumalik; nagkakamali—magsisi; at kung nagagalit ay magpalamig ng sarili.

Ang mabuting pangungusap ay katulad din ng mabuting gawa.

Ang mabuting pangungusap ay siyang tali ng pag-ibig.

Ang kabutiha'y nakapagdaragdag ng pagibig ng mga kaibigan, at nagpapakaunti sa poot ng mga kaaway.

Sta. Ana, Hunyo 7, 1916.

# Yu Baio Sontua

Dasmariñas No. 209. Manila, I. F.

Comerciantes en toda clase de Productos del Pais.—Importacion de Arroz.—Molino de Arroz en Bautista, Pangasinan.

Armadores del Vapor

## Y SONTUA

SUCURSALES:

Calbayog, Catbalogan, Carigara, Tacloban y Surigao,

Direccion Telegrafica: "SONTUA".

Tel. 68. Box 186.



**G. FAUSTO O. RAYMUNDO**

May-ari ng "La Concepcion" gawasa ng Limonada at iba pang mga pangalanig; may-ari ng pasanglaan sa kanto ng Ilaya at Aceiteros, at isa sa mapagtulong sa kagalingan ng bayan.

## Pagtutwid

Sa ikapat na mukhá ng sinundan nitong bilang ay mali ang pangalang nalagay sa kliche, na hindi si Bb. Consuelo R. Gonzalez, kungdi si Ginang Celedonia Martin na kasalukuyang Guró sa San Sebastian Primary School.

Tungkol naman sa náhalal na kinatawan sa Bataan ay hindi si G. Pedro Rich, kungdi si G. M. de los Reyes bagaman tinututulan sa kasalukuyan.

## CRISPULO ZAMORA

Platero at Grabador.

351 San Sebastian Maynila, Tel. 3265

Gumagawa ng magagandang korona para sa mga reina, ng mga medalla, botones, insignias, copas na pang ganting pala, pang gayak sa simbahan, mga larawan, caliz, baston, hiyas, karatulang tanso, mga chapa, ibp. Mabuting yumari at mura lalo na sa kapwa pilipino.

## Unang sulat ng pag-ibig sa isang binibining kapagayang loob

Sadyang sinulat para sa **PATNUBAY NG BAYAN**

Panulat-katulong

S. Isidro, N. E. K. P.  
Marso 22, 1916.

Pinakapintuhô kong Alejandria:

Marahil sa mga sangdaling mabatid mo ang nilalaman nitong aking liham ay pilit masisingat sa maliwalas mong mukhá ang isang masungit na palagay. Datapwa't gayon ma'y samô ko ring iyong pagtamanang basahin at ng matantô mo ang mga daing ng isang pusong nagbatá ng pagtitis, hwag lamang gambalain ang iyong kapayapaan kahit dalanginan at hangaan sa laot ng katahimikan.

Alejandria, walâ na akong ikakaya sa mga pahirap na tinitis, dagi na ang pusô ko sa mga pipig daing ng pagsinta, kaya't di ku na inalumana ang wiwikain mong tayo'y parang magkapatid, maipakilala ko lamang sa iyo na ikaw ang tangling nagtanim sa aking pusô ng pagsinta na akin namang diinilig ng masasakap na luhâ. Kung iyo lamang nababatid na malang kita'y makilala ay di na ako mapalagay kaya't saan mau ako uandoon ay parang nakadikit sa mga balintataw ng aking mata ang iyong larawan. Langit ko nang itinuturing ang ako'y iyong matapunan ng isang titig, katangian ko nang nasa-sabi ang maulinigan ang iyong tinig at kung maari lamang ay nais ko pang sa lahat ng sangdali na ako'y maging sandalyas mo nang makasama mo sa lahat ng parorocnon at ng walâ kang maamong titig na makaligtas sa aking malas.

Wawakasan ku na ito, Alejandria, at sa huli'y tantuin mong nasa sa banig ako ng mapanglaw na pag-aantay sa iyong magiging kapasyahan, at tuloy mag-utos ka rito sa kaylau ma'y lingkod mong sumasayapak.

*Anak-magiliw.*

## Enrique Rivera

TAILOR-SASTRE

348 R. Hidalgo, Sta. Cruz.

Se reciben todas clases de trabajos concernientes al ramo, y segun a la ultima moda, para caballeros y niños.

## H. M. MAYOR

DENTISTA

Gumagamot sa mga paraang pangkasalukuyan ayon sa mga huling pagkasulong ng karunungan at pagsasagawa ng odontologia.

Bumubunot at gumagamot na walang bayad sa mga mahirap.

Magsadya kayo sa kanyang tanggapan upang inyong matunayan.

*Marry Chiles Christian Hospital*

135 Calle Gastambide, Sampalok.

Tel. 3723.

Manila.

## “JUAN BAHAG”

### Maikling Kwento

*Sipi ni Vicente Bautista sa kabuhayan ng mga Juan.*

[ *Karugtong* ]

Nakaraan ang mga ilang araw, na sa dalawang bagong kasal ay waring katimbang lamang ng isang oras, palibhasa'y walâ silang ibang ginagawâ kungdi magsalitaan, magtawanan, kumain at matulog; nguni't si Juan ay di sumang-ayon sa ganito nilang kabuhayan na umasa sa kwarta ng Hari, alalaong baga'y hindi niya ibig na sila'y pakanin na lamang habang panahon ng kanyang byenan, kaya't ang naisipan niya'y harapin ang dati niyang hanap buhay na pag-aanwage. Nagkataan naman na noong mga oras na iyon ay nabasa ni Juan sa isang pahayagan, na ang isang maginoo na naninirahan sa loob ng kaharian ng kanyang byenan ay nanganailangan ng isang anlwage, kaya't kinabukasan ay gumayak siya upang sadyain niya ang bahay ng nasabing maginoo, nguni't minagaling niya na bago siya umalis ay ipagbilin niya sa kanyang asawa na pagtugtog ng ika 12 ng tanghal ay dalhan siya nitô ng masasarap na pagkain at tuloy magsama ng dalawang "Dama" at isang tagapagdalâ ng nasabing pagkain; kaya nga't ng matapos na maipagbilin ito ni Juan sa kanyang asawa, ay

kumuha siya ng kapisang papel at tuloy kinuha ang maikling lapis na nakaipit sa kanyang taynga, at isinulat ang daan 6 kalye at ang bilang ng bahay na pagdadalhan sa kanya ng pagkain, at pagkatapos ay magiliw na iniabot sa kanyang irog na asawa na may kasabay pang matamis na salitang:

"Ito ang bahay na iyong hahanapin pagdadala mo sa akin ng pagkain, hanî?"

—Oo Juan, mabuti nga ang lumakad ka hanggang maaga at ng hwag kang abutin sa daan ng sikat ng araw, hala lakad na.

Lumakad na si Juan ng halos patakbo, sa kaibigan niyang marating agad ang bahay ng Caballero at di naman gaanong nagtagal at natagpuan niya ang nasabing bahay. May nadatnan siya roong isang tao, na nagwawalis sa harap ng bahay, kaya't kanyang itinaong dito, kung maaaring siya'y samahan sa harap ng Caballero, at tuloy sinabi niya na siya'y anlwage. Hindi naman nagmaramot ang mabait na nagwawalis at siya'y sinamahan hanggang sa itaas ng bahay.

Pamayamaya'y lumabas ang Caballero, at ng makita ni Juan ay ibinigay niya ang galang na kaugallan, at pagkatapos ay sinabi niya na siya'y anlwage at natatalaga siyang gumawâ sa labat ng ipag-uutos ng mahal na Caballero.

Ng mabatid ng ginoong Caballero na siya'y anlwage, ay itinuro na sa kanya ang mga gagawin, kaya't ng oras ding iyon ay sinimulan na ni Juan ang paggawâ.

Sa walang tigil na kapupukpok ni Juan, ay tila nagulat ang asawa ng Caballero na kasalu-

# Mindanao Lumber Co.

(SOCIEDAD INCORPORADA)

Gran Aserradora mecanica establecida en Naga—Naga,

(Zamboanga.)

Grandes existencias de Maderas del Pais de todas

clases y dimensiones a precios sin competencia.

Agentes Generales,

## GO-TAUCO Y Cia.

Soler 214.

MANILA.

Tel. 471.



BB. ANTONINA PORTILLO

Isa sa mga Diwata ng San Nicolas, Maynila.

kuyan pang nahihimbing ng mga oras na iyon kaya't dalidaling lumabas, upang málaman kung sino iyong nagpupupukpok, at ng makita niya na anlwage, ay nanood siyang magaling, nguni't siya pala naman ay tinitingnan ni Juan ng palilim at ng anyo nang papasok ang babae ay marahang nagsa-itá si Juan ng ganito:

"Napa'apanit ang babaing iyon, naturan pa namang asawa ng isang Caballero" at saká si-nundan ng, psí, at bulutongga pa, ha! ha! ha! que barbaridad.

Siya pala naman ay naririnig ng Caballero, kaya't ito'y lumapit agad kay Juan at nagsalita na ang mata'y nangdididilat na animo'y lalamon ng tao.

—Anong kaululan ang pinagsasabi mo, manong kahi't pangit ay may makaibig sa iyo—ang sa-iitang pagalit ng Caballero.

—Kung pangit din pò lamang ang aking magiging asawa ay ayoko na, at kahiyahiyá pò lamang sa mtá ng lahat—ang tugon ni Juan.

—Sus, magtigil ka ngà lamang ah; manong kahi't pangit ay magkaasawa ka—ang patuyang salitá ng Caballero.

—Naku, panginoon kong Sakristo, kung maki-

## LA PAZ Y BUEN VIAJE

SOCIEDAD EN COMANDITA

Acciones al alcance de todas las fortunas desde un peso cada accion.

Bajo la Gerencia y Administracion de Teodoro Sandiko.

Fabricacion de Tabacos y Cigarrillos de menas y marcas exquisitas y á precios módicos.

Oficina Central: Asuncion 429, Manila. . . . Tel. 8041.

## LIBRERIA Y PAPELERIA

DE

P. S. Viuda de Soriano

Rosario 225 y Plaza del Conde No. 1008, Binondo

Nagbibili ng mga aklat sa tagalog, kastilá at ingglés; ng mga kwaderno, pluma, lapis, tinta, papel at ibp.

Boong giliw na tinatanggap ang lahat.

kita mo pò ang aking asawa, ay walang sala't tatalon kayo sa bintaná.

—Ano ang sinabi mo. diyat't may asawa ka?

Opò at ikatlong araw lamang ng aking pagkakasal ngayon sa anak ng isang Hari.

—Ulol ngà yatà ang taong ito—ang náibulong sa sarili ng Caballero bago tumugon kay Juan—sa makatwid ay ang ibig mong sabihin ay Princesa ang naging asawa mo? ha, ha, ha, que barbaridad; ulol ka yatà ha—at inugá ng makaitlo ang ulo ni Juan.

—Ano pong ulol, makikita ninyo at mamaya'y dadalhan niya ako rito ng pananghalian.

—Kung magkakagayon, ay pag nakita kong naparito ang princesa, ay iiwan la namin sa iyo itong bahay at sampò ng aming mga kayamanan—ang tilà pabirong salitá ng Caballero.

—Tunay pò ha, mahal na Caballero, ang sinabi mo, na kapag naparito ang butihing prinsesa, ay iiwan ninyo sa akin ang inyong bahay, sampò ng inyong mga kayamanan?

—Oo, at saksí ang langit at lupa—ang matigas na tugon ng Caballero—nguni't pag hindi naparito, ay mag-iingat ka at babayaran mo ang lahat na pangloloko mo sa akin.

—Kung gayon po'y gumawá tayo ng isang kasulatan, na dito'y malalagay na lahat ang ating nápagkasunduan, at pagkayari ay ating lagdaan, ano, gusto ninyo?

—Oo, ako'y sang-ayon, datapwa't kung matalo ka ano ang gagawin ko sa iyo?

—Tagpasin ninyo ang aking leeg.

—Pagkatapos ng kanilang mahigpit na pagtatalo, ay gumawá na ngà sila ng kasulatan at pagkayari ay kanilang linagdàan.

(Itutuloy.)

Santanà (Maynilà) ika 13 ng Hulyo ng 1916.

## RESTAURANT 'Dimas-Alang'

Blg. 555 Nueva, Binondo.

May malinis at mabuting pagkain.

Mura at maaaring magdala kahi't saang bahay o kawanihan.

MELODRAMANG TAGALOG

**BIGONG PAG-ASA**

(Natuklasan sa Paris ni Dr. H. OTLEY BEYRE)

(Karugtong.)

KANTÁ

Eliza. Sa Ama nagbuhat ang malaking layaw sa maligaya pang aking kabataan nguni't, ng matutong suminta ang buhay Ama rin sa dusa ngayon'y nag-aatang. Kung kay Don Tiburcio'y piliting suminta't si Adonis nama'y pagliluhang ko na Ama'y kahabagan bunsong si Eliza't hininga'y papanaw na walang pagsala.

D. Salustio. Ng matantô ko na matapat na nais tinanggap ko siya'y inamin sa dibdib kayâ ang pagsway walang masasapit na kay D. Tiburcio'y hindi ka iibig. Puso'y igagayak na.

Eliza. Ama ko'y patawad sa idinudulot

D. Salustio. Eliza ay sukat ang nawikâ ko na

Eliza. Kung walâ ring habâg buhay ko'y paalam (Málulupaypay)

D. Salustio. Eliza'y, paglubâg. Eliza, Eliza'y hwag ulilahin nag-iisang Ama't di na pipiliting magsukab sa sinta: hayo na't gumising sa pagkakagupiling

Eliza. (Magmamalay tao) Oh Ama kong giliw! Ano't nagbalik pa sa Mundo ang buhay kung maliligô rin sa buhos ng lumbay

D. Salustio. Sukat na Eliza, kung ikamamatay yaong si Adonis kung limuting tunay.

SÁLITAAN

Si Eliza'y tatagilid

Eliza. Ibigin si D. Tiburcio't limutin ko si Adonis? Oh! mahanga'y...

D. Salustio. Sukat na Eliza ang paghihimutok: tulot ko na ngayong makipag-ibigan ka kay Adonis; kailangan lamang na aking matantô.

Haharap na anyong malumbay

Eliza. Ama ko ay bakit...!

D. Salustio. Sukat na Eliza ang paghihinaggis: hayo na't gumayâk ng butihing suot at oras na ngayon ng sadyang pagdating ng mga bisita na inanyayahan.

Eliza. Kung gayon Ama ko'y, sandaling paalam.

D. Salustio. Hayo na Eliza.

Yayao na si Eliza sa kwarto, at pag-kapasok ay lalabas naman si D. Tiburcio.

D. Tiburcio. Don Salustio: magandang gabí pò'

D. Salustio. Gayon din pú naman.

D. Tiburcio. Hangga ngayon pala'y wala pang dumarating ng inyong bisita.

D. Salustio. Walâ pa ngâ pò kung di kayó lamang; tayo ay umupô

Mangagsisi-upo

D. Tiburcio. Anopô D. Salustio, kumusta ang ating salitaan, at marahil ay náipahayag na ninyo kay Eliza.

D. Salustio. Opô at malwat kaming nagusap; nguni't...

Matitigil na bigla ang salitaang ito sa pagdating na masaya nila Fraxedes at Consuelo.

Ang dalawa: Eliza, Eliza

D. Salustio. Walâ rito.

Ang dalawa: Oh, magandang gahí pò.

Gagawin dito ang mga karapatang paggalang.

Don. Salustio, nahan pò si Eliza?

D. Salustio. Na sa kwarto't nagbibihis.

Ang dalawa: Papasok kami.

D. Salustio. Oo ngâ't ng di siya malungkot sa kanyang pagbibihis.

Yuyukod na nagpapaalam kay D. Tiburcio at yayao.

Ang dalawa: Sa inyo pung kapahintulutan.

D. Tiburcio. Dios pò, ang mag-ingat.

Kay D. Salustio.

D. Salustio: bakit pò, ano ang nangyari?

D. Salustio. Oh! Tunay siyang ayaw.

D. Tiburcio. Di yata?

D. Salustio. Dinaan ko siya sa pakikiusap at lalong pagsamô.

D. Tiburcio. Ay ano Don Salustio?

D. Salustio. Ayaw ding pumayag; kaya't sa kalakhan ng nais kong kayo'y magka-isang palad, sa pagka-ama ko, siya ay tinakot at bakâ pumayag.

D. Tiburcio. Oh, ay di rin nakuhang siya'y pahinuhod?

British & Foreign Bible Society

636 ISAAC PERAL

Nagbibili ng mga Biblia sa lahat ng wika.

Inyong pagsadyain.

PACO STUDIO

1430 HERRAN

May manunuklay

na walang bayad.

ENGRACIO DE ASIS

Nagpapasanta ng alahas, at ibp. Mura magpatubo, mahal humalaga. Bukás kahi't araw ng pista.

Daang Azcarraga Blg. 1339, Kanto Benavides, Trozo.

Tel. 3396.

Maynila.



*Mga batang babuwing igorot sa kabundukan ng Bontok na kasalukuyang tinuturuan ng mga misyonerang belga. Ang klicheng ito'y pagawa ng kilalang mangangalakal na si G. Fausto Raymundo.*

D. Salustio. Ah, kumathá nǎ hibik at doo'y muntí nang hiningá'y pumanaw kung dí ko naaliw nǎ mga salitang panglibang nǎ hapis.

D. Tiburcio. Oh sawing pag-asa!

#### KANTÁ

D. Tiburcio. Ano't nǎ matapos Elizang sa dibdib ay maikintal mo ang suyo't pag-ibig lalapatan ngayon nǎ lalong pasakit na sa abang buhay.

D. Salustio. kusà nang magtiis.

D. Tiburcio. Sukat don Salustiong kuruin sa loob ang kásasadlakan naaping pag-irog dangal ko ay hayo't magkusang sumabog hanggang mawakawak.

D. Salustio. ang paghihimutok. Walang pangalawa si Elizang buhay.

Kayá ang pagsuyo'y yamang dí tinanggap pighati't dusa ko'y walá na nǎng lunas mahangá'y sa libing.

D. Salustio. loob mo'y paglubag halina umupó at tayo'y mag-usap.

(Itutuloy)

## Ang ating mga bugtong

*Akda ni Balasubas*

Kahi't walang tingig, nagkakaunawaan ng pag-ibig. *Katuruan: Sulat.*

Iguhit, mo't nagbabalitá nǎ sarisaring taling-haga. *Kat. Panitik.*

Maputing parang busilak, kalihim ko sa pagliyag. *Kat. Papel.*

Inayos at pinagsama, saká ko pa lamang nábasá. *Kat. Titik ng limbagan.*

Bumubuka'y walang bibig, nǎgumingiti nǎ tahi-mik. *Kat. Bulaklak.*

May katawa'y walang mukhá, walang mata'y lumuluhá. *Kat. Kandilá.*

Nakaluluto'y walang init, umaasó kahi't malamig. *Kat. Yelo.*

*Sipi sa "F. Balagtas"*

### PASANLAAN

NI

### FAUSTO O. RAYMUNDO

Daang Haya blg. 641-645 pagliko sa Acciteros San Nicolas Maynila.

MATAAS humalagá sa ísasanlá, MABABA ang patubò, MADALING pagsanlaan at gayou din kung tubusán.

Nagbibili nǎ mga hiyas na BRILLANTE, PERLAS, GINTO at PILAK sa halagang lalong mura.

Sa pagpaparetrato ay dapat ka pong pumili nǎ mabuting mag ayos at niyaong lumalarawan nǎ makinis kaya't kung pakukuha kayo nǎ retrato ay tunguhin ninyo ang

**BOREAL STUDIO**

477 JUAN LUNA

at bukod sa tatanggapin kayó nǎ boong lugod ay masisiyahan pa kayó sa gawá rito.

## Bati ko kay Bbg. Feliza Dionisio

*Sa kaarawan mo Feling...!*

Ako sa pagtulog ay kusang napukaw nágising na biglá sa pagkakahimlay, kayá pala'y ngayo'y siyang kaarawang pagsilang mo rito sa mundong ibabaw.

Tangí kang nilalang na pinakadikit ng Diyos na harí nitong lupa't langit, DIWATANG sa ganda'y hinirang na tikis kapós ang alin mang dilá na magsulit.

Kaya sa ganitong laking pangyayari pusong sa pighati'y lagi nang sakbibi, ay naisbáng dagíl at ang humalili'y ang malaking tuwang dí maipagsabi.

Pagka't ngayo'y siyang araw na hinirang araw na sa mundo ay iyong pagsilang, kaya tanggapin mo itong nakayanang MALIGAYANG BATI magpakailan man.

At tamuhin mo rin hanggang nabubuhay ang masaganang tuwá at kaligayahan sa piling ng iyong mga kaibigan at nag-iwing tanán na mga magulang.

Sukat hanggan dito't akin nang papatdin takbo ng panitik yamang batid mo rin, ako sa hihiga'y mulí nang hihimbing upáng mapanatag nagulóng panimdim.

*Rosendo Ignacio.*

Malabón, Rizal, 13 ng Hunyo, 1916.

## Ang Kainta

*(Kasaysayan at Alamat nito)*

Sinong nakarating sa bayang Kaintá ó nakakita man lamang kayá ng mga tagaroon, na dí nakapagtanong kahit sa sarili kung ang mga taong yaon ay lubos nating kauri?

Sila'y may katangkaran kaysa mga tao rito, maitim, nguni't hindi kulot ang buhok, mga may mukhang matimtiman, matatangos ang ilong at may makikisig na tindig ng pangangatawan: anopa't sa katagang sabi, ay malaki ang kaibhan kaysa mga katutubong tagarito.

Bakit kayá? Dí ba sila'y gaya rin nating nangamumuhay sa isang singaw ng lupa at sa isang panginorin? Nguni't halughugin natin ang madlang aklatan at *archivo*, alamin nating ang pinagdaanan nitong bayang Pilipinas, at sa gan-ya'y matutuklasan natin ang dahil ng ikináibang

## Gregorio Yu-Chucoy Herederos

ALMACEN DE TEJIDOS Y  
MATERIALES PARA ZAPA-  
TERIA Y CHINELERIA ::

Calle San Vicente Nos. 219 y 221  
MANILA & ILOILO

## CARLOS ORTIZ

OPTICO CIENTIFICO  
Manghilitis ng mata

24 ESCOLTA (sa itaas)

Huag kayong bumili ng lente ni salamin na di muna dalawin itong **Gabinete Optico.**

May mga kawaning matalinong ganap, wagas at dalisay sa hatol ng lalong mga bantog na doktor sa mata.

Kung ibig ninyo ay maaaring tumawag kayo sa **Telepono 939**, at magagrado ang inyong pangin, sa inyong sariling tahanan.

kulay at tindig ng mga taga Kaintá.

Hindi kailá na noong taóng 1762 hanggang 1764 ay inagaw ng mga ingglés sa mga kastilá itong lupaing Pilipinas: anopa't diyan sa mga taóng nabanggit ay namundó sila rito sa Maynilá hanggang sa may Kaintá at Morong. At palibhasa't sakop ng Inglatera ang India ay nagsipagsama rito sa kanilang hukbó ng isang kawal na *chipay*, at ang kawal na itó ay sa bayang Kaintá nápalagay. At sapagka't ang lalaki ay lalaki saan man dumating, ay masasapantahang nangagka-anak sa mga babaing tagaroon, na itó rin marahil ang dahilan ng inihiwalay ng maraming *chipay* sa kanilang hukbong kinaániban dahil sa mga may habae at anak na rito.

Sa ganyan ngang pagkapangyari ay dí natin mapagtatakhan ang ganyang kaibhan ng mga taga Kaintá; sapagka't may halong dugó na ng mga *chipay*, na gaya naman ng mga naging anak sa mga tagarito ng mga kastilá, insik, ingglés, aleman, amerikano, pransés at ibp.

Datapwa't mayroon pa,—bakit naman kayá tinawag ng Kaintá?

Ang pangalan ng ano mang dako, nayon, bayan, lalawigan, lupain ay karaniwang may kapakanan, at sapagka't ang salitang Kaintá ay pangalan ng isang bayan, ay dapat din namang magtaglay ng sariling kapakanán. At ano ngá?

Dí umano, anáng isang matandá na kakilala ng isang kakilala ko, ay itong sumusunod:

"Noong unang dako na walá pang kabahay bahay sa bayang Kaintá ay may isang Tagalog at isang dí masabi kung taga saung dako ng kapuluang ito, na nagkáyayan sa dakong iyan.

Isang umaga ngang kaayaaya, na ang liwayway ng silangan ay parang gumaganyak ng kalooban, ay nagbaon silá ng pagkain at nangaglakad. Palibhasa't ang panahon ay aliwalas, na idinudulot ng langit ang kanyang kalugodlugod na kulay

## "ANG BATONG BUSILAK"

MARMOLERIA  
*Sociedad de Obreros Filipinos*

Se reciben toda clase de trabajos en Mármol como Lápidas, Monumentos, Mausoleos, Pila Bendita y Limpiezas, Esculturas, Bustos de Rizal en Bronce, Cemento y Madera.

**Mariano del Mundo, Gerente.**

408 Padre Gomez, Sta. Cruz. Manila, I. F.



bughaw, na ang mga bulaklak ay parang nangag-pupugay sa gandá ng umagang yaon at ang simoy ng hangin ay waring humahalina sa kasayahan, ay hindi silá nakaramdam ng pagod hanggang sa nakarating sila ng malayo, at sapagka't sinumpong ng gutom ang kasama ng Tagalog ay nagbadya sa kasama ng: KAIN-TA, dahil sa hindi tootong marunong ng wikang tagalog, at sila'y kumain.

Hindi nalaon at may ilang nagkayayaan sa dakong nabanggit at iyong nakasama ng Tagalog sa pagparoon ay muling naganyak na nakisabay, at sabihin pa, ng sumapit sila sa dakong kirainan nila ay may nakapagtanong kung anong dako yaon at sumagot siyang KAIN-TA, na ang ibig niyang sabihin ay doon sila kumain, at sa pagkaddinggan ng mga kasama ay inakalang yaon ang pangalan noon: anopá't ng mangagsiuwí ay ibinalitá ng mga iyon na sila'y nakarating sa dakong KAIN-TA, at mulá noon ay tinawag na KAIN-TA ang nasabing dako.

Ito'y sabi lamang; ngunit ano ang alamat, kundí salit saling sabi. Ito'y sanhi lamang sa pagkandidinggan; datapwa't ang mga pangalang Hapón (1) Luzón (2) at ang iba pa ay sanhi rin sa pagkandidinggan.

S. G. CALDERON.

(1) Noong maglakbay si Marco Polo sa Kainsikan—ayon sa isang aklat ni Mr. Douglas Sladen,—ay may isinaysay sa kanya ang mga insik na isang lupaing nasa dakong silangan nila, at sapagka't di kilala ng mga insik ang pangalan ng lupaing yaon ay sinabi nilang JI-PEN, na ang ibig sabihin ay "dakong sinisilangan ng araw" at sa pagkandidingan ni Marco Polo ay siya niyang inakalang talagang pangalan noon, at sa salitang JI-PEN ay hinango ng mga ingles ang pamagat na "Japan" at ng mga kastila ang pamagat na "Japon" na ngayo'y sinusulat nating "Hapon". At ito'y dahil lamang sa pagkakamali.

At sa ganitong pagpapamagat sa mga dako (lugar) ay masasabing karaniwan. Halimbawa, ang pangalang Europa ayon sa mga mapagsaliksik ay galing sa salitang "Ereb" o "Ereb", na ang kahulugan ay kanluran at siyang ipinangalan doon ng mga taga Asiria, dahil sa ang kapatagang iyon ay nasa dakong kanluran nila. Saka ng mabigyan nilang kaibahan sa kapatagang "Assu" o "Asia" na ang kahulugan ay silangan, dahil sa siyang dakong sinisilangan ng araw. Ganito rin ang ating masasabi sa lalawigan "Laguna" na hangga ngayon ay marami pang tumatawag ng Silaagan, sapagka't nasa dakong silangan ng mga tagarito sa Maynila.

(2) Hinggil dito sa pangalang Luzon ng pulong ito ng Pilipinas ay sanhi rin sa pagkandidinggan: sapagka't ayon sa ating mga alamat o salit saling sabi ay may isang kastila noong una na nagtanong dito sa isang naglabayo ng palay sa isang lusong kung anong pangalan ng pulong ito; at palibhasa't akala ng nagbabayo ay itinatagang ang pangalan ng pinagbabayuhan niya, ay azad sumagot ng "lusong". At dahil lamang sa pagkandidinggan yaon ay naging katawagan sa pulong ito ang pangalang "Luzon"; sapagka't gayon ang pagkaulinig noong pinagsabihan sa di kaalaman niya ng wika rito.

## Vicente A. Diaz

DENTISTA

24 Escolta. Sa itaas.

Teléfono 4969.

Gumagamit ng mga kasangkapang ayon sa bagong panahon.



Bb. MILAGROS SIDECO  
Isa sa mga diwata ng bayang San Isidro, N. E.

## Ang taglay ng kartero

Maynilá, S. P., Julio, 3, 1916.

G. Sofronio G. Calderon.

Mahal na ginoo:

Ang kaloob ninyo sa aking isang salin ng inyong pinakaiibig kong "Patnubay ng Bayan", na, may kalakip ng isa rin ninyong tarjeta, ay malwalhati kong tinanggap, na, ngayon ay mahigit nang isang bwan.

At sa ganitong mga pangyayari, ay sa marub-dub kong nais, na tangkilikin ang nauilit nang pinakamamahal kong inyong pahayagan na sa mula't mulá pa'y akin nang pinaglunggatian, tikis lamang at di ko matuklasan ang Pangasiwaan. Ay dahil ngá ditoy mangyaring inyong tanggapin sa pamamagitan ng Giro Postal, na kalakip din ng sulat kong ito ang halagang dalawang piso at apatnapung centimos na kaukulang baya sa loob ng dalawang taon (P2.40). At mangyaring inyong ipadala sa pagbalik ng koreo ang bilang na mulá sa 1 hanggang 15 ng nauilit nang pahayagang "Patnubay ng Bayan".

At sa wakas ng sulat kong ito, ay ako'y nagbahandog sa inyo ng walang maliw na pag-aalaala at malaking utang na loob.

Ang bago ninyong kakilala, na gumagalang,  
*Pedro Madlangbayan.*

Habol: Samò kong ang sulat na ito'y ilathalá sa susunod na bilang.—Ako rin.

### "MODERADO ORIENTE"

PATAHIANG PILIPINO

238 Dasmariñas, Binondo

Yumayari ng labat ng kasuutan ukol sa mga lalaki ayon sa huling moda at sa kagustuhan ng nagpapagawá.

*Norberto Tuason,*

Tagapamahala at mananabas.



# Cine-Empire

Palibhasa't dito inieestreno ang mga bantog na Pelikula ng "Universal Film Co. Exch" ay siyang pinaka mainam na Cine. Inyo n'gang pagsadyain at mapagkikita ang katotohanan.

## Ang Bayang Tayabas

*Pagkakasunodsunod ng nangagkapitan at nangyari sa kanikanyang panahon*

[ *Karugtong* ]

1874. Dn. Vicente S. Agustin, 2 Vs. 73 Tte. Primero D. Severino Villafando dito sa 12 ng Julio dumating dito sa Cavecera ang Doctor de medicina na si D. Evaristo Valle, na ito'y galing sa Gobierno. Bawa't isang Provincia ay isa. Dito sa 3 ng Agosto nagpulong ang Cabecera dito sa Cavecera, dahilan sa ibig macuha ng cura sa Lucban ang calahati nitong bayan, sa macatuid ang cabila ng tubig ng Dumacaa, buhat sa tubig Prisisa at hanggang sa Cutta. Nangyari sa pulong naito ay magambagan ang bayan, cong matutuloy at quinabucasang 9 araw ng Domingo, ay pinunuan na pinabantayan ang castillong duang patungong Lucban, at walang pinalampas na taga rito tungcol may comercio na ipagbibili, para baga ng Langis, Palay, Bigas at itlog at iba pa. Cong gusto nilaug pumaroon. Dito sa 24 ng Agosto pinunuan ang paggawa ng Panteon sa loob ng Hermita ng S. Roque, at dito rin pinunuan ang paggawa ng sacristia, at napatigil ng año 1867 at nga-yo'y itinuloy na.

Dito sa 22 at 23 ng Dic. Lumindol ng malacas sa Bayan, at maraming tao ang namatay na naguhuan ng bahay, at

**Bago sa dayuhan ay sa kababayan muna**

Kaya't kung mangangailangan kayo ng sombrero, ay lingnanin niyo ang

**SOMBRERERIA**

NI

**V. LIWANAG**

Binundok, Juan Luna 351

**Pahunang tagalog at yari rito**

Tangi sa pagpapaputi at pag aayos ng kahi't anong anyong ibigin.

Mura ang halaga at hindi mapipiutasan ng sino mang maselang.

Subukin at ng matotohanan.

Ibig ba ninyong magkaroon ng mga mainam na kasuotan ayon sa bagong panahon? Kung gayon, magsadya kayo sa patahian ni

## Isaias Alvaran

606 Azcárraga, Tondo.

MANILA.

Simbahan na may mga limang libong ca-tao at ang mga naguibang Simbahan sa parting yaon at San José San Antonio, at Simbahan ng mga protestantes, at maraming naguibang Barco, Vapor, at mga sampan ng Yuchic.

1875. Dn. Ventura Alandy,

1876. Dn. Ventura Alandy, sa taóng ito 8 de Dec. nagsasunog ng malaqui at ualang natirang bahay sa loob ng bayan liban lamang sa 45 na bahay.

1877. Dn. Ventura Alandy.

1878. Dn. Ventura Alandy.

1879. Dn. Ventura Alandy. Tte. Dn. Gregorio Capistrano, ay siyang nagtapos dahil sa pagtama sa Capitan cay Dn. Rufino Barcelona.

Dito sa 6 ng Mayo dinala sa Ylaya ang bahay ni Zacarias Enriquez; na ang tauong Nayon ang nag-obra at guinawang Convento Proviscional, at ang mga taong Nayon ay humigit kumulang sa 500 personas, at ng sumunod na araw ay dinindingan ng tabla ang ipinatayung Simbahan. Dito rin sa fechang ito ang napatayung Bahay dito sa loob ng bagong bayan ay 200 casas.

Dito sa 27 de Mayo dumating dito ang isang Campana na galing sa Maynila binili ng naturang Da Brigida Nobia, na may letra ang Campana ng bayad at fecha at taon at ang caniyang pangalan. Napatiguil ang obrero ng Simbahan at carpintero na catiwala na si Quiterio Desquitado.

Dito sa 19 ng Sep. nagsaca dito ang Padre cura at si Padre José Franciscano

## La Tableria de P. y F. Jacinto


NAGBIBILI ng lahat ng uri ng kahoy rito. GUMAGAWA ng sarisaring "muebles" na pasadya at sang-ayon sa ibiging ipagawa.

YUMAYARI ng mga pang pinto, pang bintana, ibp.

LAHAT ay mura at ayon sa kasunduan.

TUMAWAG sa telepono 8131.

**JUAN LUNA 954-962, TUNDO.**



Mag-asawang igorot na ang lalake ay mananahì at ang babae ay manggagawà ng mġa laso. Sila'y kapwà nag-aral sa mġa misyonerang belga sa Bontok.  
Ang klicheng ito'y pagawa ng kilalang mangangalakal na si G. Fausto Raymundo.

casama ang Sr. Alcalde D. Fermin Gemes, Mariano at ang Capitan D. Ventura Alandy, at nagpalagay ng de Buen hechor ay si D. Leon Reyes, at dito sa 30 de Sep. quinaon sa Tayabas ang retablo sa munting Bayan.

Dito sa 17 de Oct. nagtipon ang Bayan sa bahay ni D. Leon Reyes, na ibabayad sa gagauing Convento, na ang tinarato ay ang Bahay ni Padre Martinez sa Pagbilao, ang bayad ay 120 ps.

Datapna't ang naipong pilac sa suserision 6 caboang ambagan ay 800 ps. na gagastahin sa condiciones na pagtatayo 6 pag ooli ng naturang convento, ang 1.a clase ay 10 rs. ang 2.a ay 8 rs. 3.a 5 rs. at ang 4.a 3 rs. at ang ultimo cacaya 1 rl.

At dito sa Tte. absoluto D. Demetrio Trinidad, ay may caloob ang Bayan na sesemana linggo-linggo na isang kabuhang comisionados, dating sa Tte. Absoluto dito sa Bahay niya. At sacup ng Tte. Absoluto ay labinatlong Nayon: Cutta, Mayo, Dupay, Gulang-gulang, Domoit, Cocohan, Yb. Ysabang, Talim Cl. Yyan, casama ang Ylaya at Ybaba na inihiwatig na nayon.

Dito sa buan ng Dec. pinahibòan ang leob at labas ng bagong Simbahan, at pati Altar.

(Itutuloy)

## Mga oras at araw ng pagtanggap sa Ospital Heneral.

Klinika ng Medicina General 7:30-10:30. Araw-araw.

Sa mea sakit ng batà, 7:30-10:30. Aara-araw. Sa mġa sakit sa balát, 2: 0-3:00 (hápon) Martes at Huebes.

Klinika ng "Sirugia General", 7:30-10:30. Araw-araw.

Sa mġa sakit ng mġa babae, 2:00-3:00 (hápon) Lunes Myerkoles at Byernes.

Sa mġa sakit ng mġa lalake (usologfa) 2:00-3:00 (hápon) Martes, Hwebes at Sábado.

Sa mġa sakit ng matá, tenġa, pakinig at lalamunan 7:30-10:30. Araw-araw.

Sa nangatatutuyú 2:00-3:00 (hápon) Aara araw.

Sa mġa batà ng páaralan, 2:00-3:00 (hápon) Lunes, Myérkoles at Byernes.

Sa mġa mananayaw (bailarinas) 2:00-3:00 (hápon) Lunes, Myérkoles at Byernes.

Sa panganganak, 2:00-3:00 (hápon) Araw-araw.

Ang dispensaryo ay sinasarhan kung "fiesta oficial".

# BERNABE STUDIO

Salcedo, Bldg. 708, Sta. Cruz,  
MAYNILA, K. P.

Araw-araw ay rumertrato mula sa a las 9 ng uma-  
ga hanggang a las 3 ng hapon at tumatanggap ng mga ga-  
waing nauukol sa bagay na itó, gaya ng **Ampliación,**  
**Reproducción, Opalinas, Alfileres, Revelaciones, Copias,**  
FOTOGABADOS, AT ZINCOGRAFIA, ibp.

P. O. Box. Bldg. 973.  
TELEFONO, 3216.

## Walang bayad sa pasuklay.

ANG HALAGA SA MGA GRUPO AT IBANG MGA BAGONG PARAAN AY  
AYON SA PAGKASUNDUAN.

*Ngayo'y may lalong pag-uurungan sa dakong pinagreretratuhan.*

## WALA NANG UBAN

Sa pangpaitim na "The Back Bird" na bagong katha ay mapaitim at mapagaganda  
ng buhok.

Kahima't magpavis, mabasa at maligo ay di kumukupas ni nag-iibá.

Hindi nakakamancha ng mga damit ng mga likmuan ni ng mga punda ng mga unan.

Dalawang pung minuto lamang na isasagawa.

At sa adhikang maipakilala sa madla ay ipinagbibili namiu ngayon dito sa Maynila  
ng P 0.60 lamang ang isang kahita,

Sa mga bilin na buhat sa lalawigan ay magdaragdag ng P 0.10 dahil sa selyo.

TANGING KATIWALA SA PILIPINAS.

## BAZAR DE I. OHGA

312 & 314 Carriedo.

Maynila.

Pitak ng Korreo 893

## "El Porvenir"

Imprenta y Libreria,  
Papeleria y Objetos de Escritorio

429—Soler Trozo—429

DIRECCION TELEGRAFICA JOB.

CLAVE ABC 5.8 ED.—TEL. No.....

*Admite toda clase de trabajo de impresion y encuadernacion.*

# DICCIONARIO

## INGLES - ESPAÑOL - TAGALOG

CON PARTES DE LA ORACION Y PRONUNCIACION FIGURADA

por **Sofronio G. Calderón**

₱4.50 ejemplar (en papel ordinario). ₱6.50 ejemplar (en papel satinado)

### Pocket Dictionary

### English - Spanish - Tagalog

POR SOFRONIO G. CALDERON.

₱ 1.20 ejemplar.

### DATING PILIPINAS

ó Historia Prehispana de Filipinas, por SOFRONIO G. CALDERON.

₱ 0.50 ejemplar.

### Pagkatuklas sa Ating Lupain

ó Historia del Descubrimiento de Filipinas, por SOFRONIO G. CALDERON.

₱ 0.20 ejemplar.

### VOCABULARIO

### Tagalog - Castellano - Ingles

CON PARTES DE LA ORACIÓN Y PRONUNCIACIÓN FIGURADA

por SOFRONIO G. CALDERON.

₱ 0.50 ejemplar.

### Buhay, Aral at mga Mithi ni Gat José Rizal

Akda ni Vicente Elio at tinagalog ni Sofronio G. Calderon.

₱ 0.25 ejemplar.

### NOLI ME TANGERE

ni Dr. JOSE RIZAL

Isina, melodrama ni G. E. M. Gross at tinagalog ni Sofronio G. Calderon.

₱ 0.20 ejemplar.

### Mga Kwentong salin ni S. G. Calderon

Isang Mahiwagang Pamumuhay.

Sa Ano Nabubuhay ang Tao.

Hiwaga ng Pag-ibig.

Tatlong Kababalaghan.

Wakas ng Masamang Budhi.

Noon ay Pasko.

Mithi ng Bayan.

Kapalarang Hindi Sinasadya.

Sakunang Ipiuagkapalad.

₱ 0.10 } ejemplar.  
                  } bawa't isa.